# Linggatong

**ELYRAH L. SALANGA-TORRALBA, PhD**
University of the Philippines Diliman
elsalangatorralba@up.edu.ph

I

Nasa masukal na gubat ang aking isipan.
Kanina pa paikot-ikot.

Nanlilinlang ang mga siwang,
Nanghihiwa ang mga tinik.

Naengkanto na yata,
Hirap nang makabalik.

Kailangan nang baliktarin ang isip
Upang makauwi.

II

Pinaglalaruan ako ng sirena.
May mga araw na inihuhulog ako sa bangin
O inihahagis sa hangin.
Minsan, inaamo ako
Habang naglalakad sa aplaya, at bumubulong
Sa akin: "Sige na, ginusto mo 'to."

Kay sarap lumusong,
Magpakalinga lang sa alon
Hanggang sa makatulog.
"Ganyan. Ganyan talaga," sasabihin niya.
Ganito. Ganito nga
Kung paanong pumalaot na
Ang aking diwa
At humimlay sa kanlungan ng sirena.

III

Nawala ang gana ko kahapon.

Sinikap kong hanapin
Sa umaapaw na gripo ng tubig,
Sa naiwang bukas na bintana,
Sa umuugong na bentilador.

Tinalunton ang mga gunita
Ng pulso ng aking gana:
    Ang pagtungkab sa langib sa aking galang-galang,
    Ang sarap ng pag-ire kapag nagbabawas,
    Ang pagtulo ng uhog kapag umiiyak.

Kahit sa alaala ay hindi maulinigan
Kaya nagbaka-sakaling
May bubulong sa tenga,
May kakalabit sa balikat.

Hanggang may bumunggo sa aking bungo,
Narinig ko ang halahak ng aking wisyo:
Ninakaw, itinago ang aking gana—
    Ng isang maliit na nilalang
    Na may mahabang balbas,
    Maitim, aligutgot,
    Inuumit ang anumang magustuhan.

Lintik na duwende sa dibdib!

---

Si **ELYRAH L. SALANGA-TORRALBA** ay nagtapos ng PhD Philippine Studies sa UP Diliman. Ang kaniyang mga akda'y nailathala na sa iba't ibang antolohiya.